Advisory Blg. 139, s. 2017
Hunyo 30, 2017
Ayon sa pagpapatupad ng DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
ang *Advisory* na ito ay hindi pag-eendorso, ayon naman sa DO 28, s. 2001,
ito ay isang impormasyon lamang para sa mga opisyal
at kawani ng Kagawaran ng Edukasyon, at ng mga mamamayan.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

PAMBANSANG SEMINAR–WORKSYAP PARA SA MGA GURO NG FILIPINO
SA IBA'T IBANG ANTAS NG SANGGUNIAN SA FILIPINO INK.

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL) Ink. ay magsasagawa ng *Pambansang Seminar-Worksyap Para sa Mga Guro ng Filipino sa Iba't ibang Antas* na may temang *Tugon ng Filipino sa Hamon ng K to 12 at Ika-21 na Siglo: Komunikasyon at Teknolohiya, Kolaborasyon, Kritikal at Malikhaing Pag-iisip* na gaganapin mula Agosto 25 hanggang 27, 2017 sa Philippine Normal University, Manila.

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. matukoy ang iba't ibang hamon ng *K to 12* at ika–21 na siglong kasanayan sa larangan ng Filipino;
2. magsagawa ng mga tiyak na hakbang bilang tugon sa hamon ng *K to 12* at ika-21 na siglong kasanayan sa larangan ng Filipino;
3. makapaglahad ng angkop na tugon tungo sa pagpapaunlad ng komunikasyon at teknolohiya, kolaborasyon, kritikal, at malikhaing pag-iisip; at
4. makabuo ng mga tiyak na estratehiya, teknik, at iba pang kaugnay sa pagtuturo sa pamamagitan ng worksyap upang tugunan ang hamon ng *K to 12* at ika-21 na siglong kasanayan.

Ang mga inaasahang dadalo sa komperensiyang ito ay mga guro sa Filipino sa elementarya, sekundarya at kolehiyo mula sa iba't ibang panig ng bansa, mga mag-aaral sa antas di-gradwado at gradwado na nagpapakadalubhasa sa Wika o Panitikang Filipino o anumang kaugnay na larangan, mga manunulat, tagasalin, mananaliksik at iba pang iskolar sa Filipino, at mga tagapamahala at kawani ng mga ahensyang nauugnay sa Filipino.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa mga karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan kina *Dr. Roberto D. Ampil,* Direktor ng Pambansang Seminar-Worksyap, University of Santo Tomas, Manila sa mobile: 0997-360-9229 o sa email: ampil_2003@yahoo.com at kay *Dr. Voltaire M. Villanueva*, Katuwang na Direktor, Philippine Normal University, Manila sa mobile: 0947-497-9211 o sa email: villanuevavoltaire8@gmail.com.